

# TUNGKOL SAAN ANG MODYUL

“Ipaglaban mo ang iyong karapatan!” “Ipagtanggol natin ang kalayaan ng ating bayan!” Pamilyar ba sa iyo ang mga islogan na ito? Maaaring nakarinig o nakakita ka na ng kaparehong islogan sa mga kampanyang inilulunsad ng mga grupong sumisigaw ng pagbabago sa sistema ng ating lipunan o pamahalaan.


Bakit nangyayari ang mga kilos-protesta? Demokratikong proseso ba ang kilos protesta? Nagpapakita ba ito ng kalayaan sa pamamahayag? Kinakailangan ba na laging magulo ang protesta?

Malalaman mo ang mga sagot sa mga nasabing katanungan sa pag-aaral mo ng modyul na ito. Matututuhan mo rin kung bakit nagpoprotesta ang mga tao sa buong mundo.

Nahahati ang modyul na ito sa dalawang bahagi:

Aralin 1 – *Ang Kahalagahan ng Pagpoprotesta*

Aralin 2 – *Lumaban Ka sa Mapayapang Paraan*



# MGA MATUTUTUHAN MO SA MODYUL

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo na ang sumusunod:

- ♦ natatalakay ang mga epekto ng paglabag sa karapatang pantao;
- ♦ naipaliliwanag ang iyong karapatang magprotesta;
- ♦ nailalahad ang kahalagahan ng pagpoprotesta; at
- ♦ natutukoy ang iba’t ibang uri ng kilos-protesta.

May matatagpuan kang mga bagong salita sa modyul na ito. Matutulungan kang intindihing mabuti ang iyong nabasa kung alam mo ang kahulugan ng mga salitang nakapaloob dito. Tingnan mo ang kahulugan ng mga bago at mahirap na salita sa Talahuluganan sa mga pahina 40–41.



# MGA KAALAMANG MAAARING ALAM MO NA

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, sagutan mo muna ang pagsasanay sa ibaba upang matukoy natin kung ano na ang nalalaman mo sa paksang ito.

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Lagyan ng tsek (✓) ang tamang hanay kung umaayon ka o hindi sa bawat pangungusap.

| | Sumasang-ayon | Di Sumasang-ayon |
|---|---|---|
| 1. Ang pagsama sa mga kilos-protesta ay ilegal. | | |
| 2. Lahat ng kilos-protesta ay marahas. | | |
| 3. Nagdudulot ng kaguluhan sa pamayanan ang mga kilos-protesta. Kailangang ipagbawal ang mga ito sa pook-kalakalan, pook-pagawaan, unibersidad at eskuwelahan, at ahensya ng pamahalaan. | | |
| 4. Hindi dapat makilahok sa mga kilos-protesta ang mga estudyante at alagad ng simbahan. | | |
| 5. Nagpoprotesta ang mga tao dahil nais nilang pakinggan ng gobyerno ang kanilang mga hinaing. | | |
| 6. Naipakikita sa kilos-protesta ang mga pagtutol sa pamamalakad at mga hinaing ng mga tao. | | |
| 7. Naipakikita sa mga kilos-protesta ang kalayaan sa pagpapahayag. | | |
| 8. Hindi epektibo ang mapayapa at tahimik na protesta upang makamit ang adhikaing sibil o pampulitika. | | |
| 9. Ang pagkakaroon ng kaalamang pulitikal ay hindi nangangahulugan ng pagpunta sa lansangan at pagsama sa mga kilos-protesta. | | |
| 10. Isa sa mga adhikain ng mga nagpoprotesta ay imulat ang publiko sa mga importanteng isyu sa kanilang paligid. | | |

Naipasa mo kaya ito? Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa mga pahina 35–36.

Kung tama lahat ang iyong sagot, magaling! Ipinakikita lamang nito na alam mo na ang paksa. Pag-aralan mo pa rin ang modyul upang mapagbalik-aralan ang mga bagay na alam mo na. May mga bagong kaalaman ka pa ring matututuhan.

Kung mababa naman ang iyong iskor, huwag malungkot. Para sa iyo talaga ang modyul na ito. Matutulungan ka nitong intindihin ang mga bagong konsepto na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul, malalaman mo ang mga sagot sa lahat ng pagsusulit.

Simulan mo nang basahin ang unang aralin sa susunod na pahina.

# Ang Kahalagahan ng Pagpoprotesta

Nagbabasa ka ba ng dyaryo? Ilang mga artikulo tungkol sa kilos-protesta o may kaugnayan dito ang nabasa mo na? Kung wala ka namang dyaryo sa bahay, siguradong nakakarinig ka naman sa radyo at nakakapanood ka sa telebisyon ng mga kilos-protesta sa loob at labas ng bansa.

Bakit nangyayari ang mga kilos-protesta? Dahil ba ipinaglalaban ng mga grupong lumalahok dito ang kanilang mga opinyon, karapatan, at mga kahilingan sa pagbabago? Ito ba ang tamang paraan upang maiparating ang mga kahilingan at talakayin ang iba't ibang mga isyu?

Ang mga nabanggit na tanong ang sasagutin ng araling ito. Tatalakayin ng araling ito kung ano ang kilos-protesta at bakit ito nangyayari.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, magagawa mo ang sumusunod:

♦ nakapagbibigay ng mga dahilan kung bakit nangyayari ang mga kilos-protesta; at

♦ naipaliliwanag kung ang kilos-protesta ang tamang paraan upang maiparating ng mga mamamayan ang kanilang mga hinaing.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Basahing mabuti ang sumusunod na mga sitwasyon at alamin ang mga dahilan ng kilos-protesta.

**Unang Sitwasyon**

Nagsagawa ng *hunger strike* ang mga magsasaka mula sa Bulacan at Pampanga sa harapan ng tanggapan ng Kagawaran ng Repormang Pang-agraryo *(Department of Agrarian Reform).* Hinihiling nila na ipatupad ng gobyerno ang ipinangako nitong repormang pang-agraryo o panlupa. Nais nilang ang lupang kanilang sinasaka ay maging kanila.




**Ikalawang Sitwasyon**

Sina Peter at Josie ay parehong namamasukan sa Super Factory. Hindi sila nasisiyahan sa kondisyon ng kanilang pagawaan. Mababa pa rin ang kanilang sahod kahit na idineklara na ng gobyerno ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa. Walang benepisyong medikal at serbisyong pangkalusugan na ibinibigay ang Super Factory. Alam nina Peter at Josie na hindi ibinibigay ng kompanya ang kanilang karapatan bilang manggagawa. Napagdesisyunan nilang lumahok sa kilos-protesta ng unyon ng manggagawa upang igiit ang kanilang karapatan.

Bumuo sila ng piket sa harapan ng Super Factory upang mapigilan ang iba pang manggagawa sa pagpasok at bagkus ay lumahok na lamang sa kanila.



**Ikatlong Sitwasyon**

Sina Julian at Felipe ay parehong drayber ng dyipni. Lumalahok sila sa mga pambansang protesta ng iba't ibang grupo ng manggagawa laban sa pagtaas ng presyo ng langis. Hinihiling nila na huwag ipatupad ng gobyerno ang *oil deregulation* dahil naniniwala sila na inaabuso lamang ng mga may-ari ng kompanya ng langis ang kanilang mga karapatan.




**Ikaapat na Sitwasyon**

Ang mga estudyante mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad ay nagpoprotesta sa harapan ng Senado laban sa pagbawas ng badyet sa edukasyon. Hinihiling ng mga estudyante na ilaan ang malaking pondo sa edukasyon at panatilihin na lamang ang badyet na nakasaad sa *Appropriations Act.*



**Ikalimang Sitwasyon**

Libu-libong tao ang nagmartsa sa kahabaan ng Ortigas Avenue at nagtipon sa harapan ng EDSA Shrine upang ipakita ang kanilang di-pagsang-ayon sa desisyon ng ilang mga senador na huwag buksan ang pangalawang enbelop na naglalaman ng mga sekretong *accounts* at transaksyon ng dating Pangulong Estrada. Hinihiling ng mga tao ang katotohanan.






## Subukin Mo Ito

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit nag-aklas ang mga magsasaka?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Bakit lumahok sa kilos-protesta sina Peter at Josie?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Bakit nagkaroon ng pambansang kilusan at *transportation strike* ang mga drayber ng dyipni at iba't ibang mga grupo?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. May karapatan nga bang magprotesta ang mga estudyante laban sa pagbawas ng badyet sa edukasyon?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

5. Bakit nagsama-sama ang mga tao sa EDSA? Bakit sila nabigo sa mga senador na bumoto laban sa pagbubukas ng ikalawang enbelop?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot sa ibaba:

1. *Nagkaroon ng kilos-protesta ang mga magsasaka laban sa hindi pagpapatupad ng gobyerno sa pangako nito na repormang panlupa na magbibigay sa kanila ng pagkakataong masarili ang lupang kanilang sinasaka.*

2. *Sumama sa protesta sina Peter at Josie dahil nilalabag ng kanilang kompanya ang kanilang karapatan bilang manggagawa. Iginiit nila ang pagkakaroon ng maayos na kondisyon sa paggawa, benepisyong medikal, at tamang pasahod tulad ng nakasaad sa Konstitusyon.*

3. *Nagkaroon ng malawakang kilos-protesta at paghinto sa pamamasada ang mga drayber at iba pang grupo ng mangagagawa laban sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis. Nararamdaman nila na patuloy na makikinabang ang mga may-ari ng kompanya at ito'y pagwawalang-bahala sa kanilang mga karapatan. Naniniwala sila na ang pagtaas ng presyo ng langis ay pagtaas din ng presyo ng mga pangunahing pangangailangan at mga serbisyo tulad ng pamasahe, elektrisidad, at iba pa.*

4. *Ang demonstrasyon na isinagawa ng mga estudyante mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad ay pagpapakita ng kanilang pagsasaalang-alang sa kanilang karapatan sa edukasyon. Naniniwala sila na dapat maging prayoridad ng gobyerno ang paglalaan ng sapat na badyet para sa edukasyon gaya nga ng nakasaad sa Konstitusyon.*

5. *Libu-libong tao ang pumunta sa harap ng EDSA Shrine upang iprotesta ang katiwalian ng rehimeng Estrada. Ikinagalit nila ang pagtanggi ng 11 senador na buksan ang enbelop na naglalaman ng mga sekretong* accounts *ng dating pangulo. Hinihiling ng mga tao na lumabas at umiral ang katotohanan. Para sa kanila, ang pagtanggi ng mga senador sa pagbubukas ng ikalawang enbelop ay pagtanggi na rin sa karapatan ng publiko na malaman ang katotohanan. Ito ang nag-udyok sa kanila upang magsama-samang patalsikin si Estrada.*



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Ano ang iyong napansin sa limang sitwasyon na iyong nabasa? Paano nagkakapareho ang mga ito?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Ang mga nabanggit na sitwasyon ay halimbawa ng kilos-protesta na isinasagawa ng mga tao upang ipagtanggol ang kanilang mga pinaniniwalaan. Sa pamamagitan ng kilos-protesta ay naipakikita nila ang kanilang mga saloobin.

Sa unang sitwasyon, ano sa tingin mo ang mangyayari kung hindi nagkaroon ng kilos-protesta ang mga magsasaka? Maipatutupad kaya nang mahusay ng gobyerno ang mga repormang panlupa? ____ Oo ____ Hindi

Bakit sa palagay mo?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Sa ibang sitwasyon naman, ano sa tingin mo ang mangyayari sa mga manggagawa, drayber ng dyipni, mga estudyante, at iba pang Pilipino kung sila'y nanahimik na lamang? Mababago kaya ang kanilang pamumuhay?
____ Oo ____ Hindi

Bakit sa palagay mo?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Maaaring *hindi* ang iyong sagot sa parehong tanong. Kung sa bagay, paano malalaman ng gobyerno ang hinaing ng mga tao—magsasaka, drayber ng dyipni, mga grupo ng manggagawa, mga estudyante—kung magsasawalang-kibo lamang sila?

Napakahalagang iparating natin sa kinauukulan ang ating mga hinaing. Kung sakali mang nanatiling bingi ang gobyerno sa mga kahilingan ng tao, kailangang maging mas matatag upang marinig ng kinauukulan ang ating tinig. Maaaring ipagpatuloy ang protesta hanggang sa maiparating ang mga hinaing. Ngunit kailangan ding siguraduhin na ang hinihiling ay karapatan lamang at hindi magreresulta sa magulong protesta.

Karaniwang nangyayari ang kilos-protesta kapag hindi naibibigay sa mga tao ang kanilang kaukulang benepisyo o nilalabag ang kanilang karapatan. Halimbawa, nagsasagawa ng kilos-protesta ang mga manggagawa laban sa kompanyang kanilang pinagtatrabahuhan dahil hindi sila binibigyan ng karampatang sahod. Nagdaraos naman ang mga grupo laban sa gobyerno dahil nais nilang magkaroon ng pagbabago. Ginagawa ang mga protesta upang iparating ng mga tao ang kanilang mga karaingan at saloobin.

Isulat sa mga patlang ang inyong opinyon tungkol sa larawan.



________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Nangyayari ang kilos-protesta dahil nilalabag ang karapatan ng mga grupo ng mga tao.

Ano-ano ang iyong karapatan? Basahin ang mga sumusunod upang iyong malaman.

Ang ***Civil Rights*** o mga Karapatang Sibil ay personal na karapatan ng isang tao na kinikilala ng pamahalaan o gobyerno. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- ***Right of Equality*****—**Ang lahat ng tao ay ipinanganak na pantay-pantay. Kailangang irespeto natin ang bawat isa anuman ang kanyang edad, lahi, lenggwahe, pulitikal na opinyon, at estado sa buhay.
- ***Right to Life, Liberty, and Security of Person***—Karapatan ng bawat isa na mapangalagaan ng gobyerno. Kailangang may mga batas na ang layon ay pangalagaan ang bawat tao.

- ***Right to Freedom***—Ang bawat isa ay may karapatang magkaroon ng ari-arian, magkaroon ng sariling pamilya, at ipahayag ang mga opinyon. May karapatan din tayong bumuo ng sarili nating grupo o asembliya, kung saan maaaring iparating natin ang ating mga opinyon at hinaing.

- ***Political Rights***—Ang bawat isa ay may karapatang makilahok sa mga gawain ng pamahalaan. Ikaw ay may karapatang bumoto at pumili ng taong manunungkulan sa pamahalaan.

- ***Labor Rights***—Bilang isang manggagawa o empleyado, kailangang mayroon kang maayos na lugar upang magtrabaho, karampatang suweldo, at karapatang makilahok sa unyon upang maprotektahan ang iyong karapatan kung kinakailangan.

- ***Social Rights***—Ang bawat isa ay may karapatang makilahok sa komunidad at sa mga serbisyong pampubliko. Ikaw ay may karapatan sa edukasyon, maayos na pamumuhay, malusog na kapaligiran, karapatang makagamit ng medikal na benepisyo, at iba pa.

Upang malaman mo nang husto ang iyong mga karapatan, pag-aralan din ang modyul na ***Alamin Mo ang Iyong mga Karapatan.***



## Subukin Mo Ito

Karaniwang dahilan ng kilos-protesta ang pagkaramdam ng mga tao ng pang-aabuso sa kanilang mga karapatan. Maraming sitwasyon sa iba't ibang lugar ang nagpapakita na nilalabag ang mga karapatan ng tao. Basahin at alamin sa bawat sitwasyon kung anong karapatang sibil ang nilabag at ipinaglaban ng mga tao. Lagyan ng tsek (✓) ang tamang sagot.

1. Maraming mga estudyante at mga Pilipino ang nagdaos ng kilos-protesta sa lansangan noong panahon ng administrasyon ni dating Pangulong Marcos. Ipinaglaban nila ang pagpapasara sa ilang sangay ng *media*. Hindi pinayagan ng rehimeng Marcos na magsalita ang sinuman laban sa kanyang pamahalaan.

   ☐ Karapatan sa edukasyon

   ☐ Karapatang bumoto

   ☐ Karapatan sa malayang pagpapahayag

2. Ang pagkakaroon ng *racial discrimination* ay naging patakaran sa South Africa na nagbunsod sa pagkakahiwalay ng mga lahi. Magkaiba ang mga karapatan ng mga puti at itim o mga negro. Nagresulta ito sa pagpoprotesta ng mga itim.

   ☐ Pantay-pantay na karapatan

   ☐ Karapatang maghanapbuhay

   ☐ Karapatang magkaroon ng ari-arian

3. Sa Tsina, ipinagbabawal ang mga relihiyon na may malaking impluwensya sa mga tao. Ang Tibet ay isang lugar sa Tsina kung saan namamalagi ang mga Budista. Ang mga Budista ng Tibet ay may malaking impluwensya sa mga tao at itinuturo nito ang paglaban sa gobyerno kung kinakailangan upang maipagtanggol ang kalayaan. Maraming Tibetan ang nasaktan at naipakulong bunga nito. Ang lider ng mga Budistang Tibetan, na tinatawag na *Dalai Lama*, ay ipinatapon sa labas ng Tibet.

   ☐ Karapatan sa relihiyon

   ☐ Karapatan sa pag-aasawa

   ☐ Karapatang bumoto

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa pahina 36.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Karaniwan, ang kilos-protesta ay pagpapakita ng sentimyento ng mga grupo ng tao. Ito ay paraan upang maipaabot ng mga tao ang kanilang nais ipahiwatig o ang kanilang mensahe. Ginagamit din itong paraan upang maipaabot ang mga kaisipan tungkol sa global na isyu.

Magbanggit ng mga isyu sa buong mundo na ipinaglalaban ng mga tao sa matahimik at maayos na pamamaraan. Isulat ang mga ito sa ibaba.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

Narito ang mga isyung ipinaglalaban ng mga tao sa lahat ng panig ng mundo sa mapayapang pamamaraan:

1. Mga isyung pangkalusugan, gaya ng pagkalat ng sakit na AIDS, tuberkulosis, at kanser. Ang mga biktima ng sakit na AIDS ay inihihiwalay sa karamihan. Nang lumaon, ang mga taong ito ay nagnais ng pantay-pantay na pagtingin at oportunidad.




2. May isyu rin tungkol sa plantang nukleyar, ipinagbawal ang  pagtatayo ng mga plantang nukleyar,  armas-pandigma, at pagmimina sa ibang bansa. May mga grupong humihiling na ipagbawal ang pagtatayo ng mga plantang nukleyar, ihinto ang paggawa ng mga armas-pandigma gaya ng *missile,* at ipagbawal ang pagmimina sa ibang mga bansa. Maraming mga grupong tumutuligsa sa paggamit ng mga armas-pandigma ang nagpahayag ng kanilang pagtutol sa pamamagitan ng pagdaraos ng kilos-protesta.



3. May mga isyu ring pangkapaligiran, gaya ng pagsagip sa mga hayop at halaman na nauubos na ang lahi *(endangered species)* at kung paano mapananatili ang kapaki-kapakinabang na kapaligiran. Sa pamamagitan ng mga kilos-protesta at kampanya na ginagawa ng mga *environmental group* ay naipararating sa kaalaman ng publiko at ng buong mundo ang pangangalaga sa kapaligiran.




4. May isyu rin tungkol sa mga bata, kalalakihan, at kababaihan. Hinihiling dito ang pantay-pantay na pagtingin sa anumang kasarian at edad. Hinihiling din ang pagrespeto at proteksyon sa mga karapatan ng mga kababaihan at kabataan sa buong mundo.





## Subukin Mo Ito

1. Pumili ng isang global na isyu sa mga nabanggit. Sabihin kung ano-anong kilos-protesta sa mapayapang paraan ang nailunsad ng mga grupo sa bansa. Maaaring nakabasa ka na ng tungkol dito o kaya ay nakapanood sa telebisyon. Banggitin kung ano-anong grupo ang naglunsad ng kilos-protesta. Ano-anong paraan ng pagpoprotesta ang kanilang ginawa? Naging mapayapa nga ba ang mga ito o magulo? Sinuportahan ba ng nakararami ang kanilang mga hinaing? Bakit? Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

2. Sabihin ang kahalagahan ng mapayapang kilos-protesta sa pagkuha ng simpatiya ng nakararami.

Ihambing ang iyong sagot sa batayan sa pagwawasto sa pahina 36.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Ang kilos-protesta ay pagpapahiwatig ng kalayaan sa pagpapahayag. Napakaraming paraan upang magamit ang kalayaang ito, lalo na sa demokratikong bansa kung saan ang kapakanan ng tao, hindi ng mga namamahala, ang siyang laging nauuna.

Ang karapatan sa pagpapahayag ay malinaw na nakasaad sa *Section 4, Article 3* ng *Bill of Rights* ng Konstitusyon. Sinasabi rito na, *No law shall be passed abridging the freedom of speech, of expression, or of the press, or the right of the people peaceably to assemble and petition the government for redress of grievances*. "Walang batas na dapat pumigil sa karapatan sa pamamahayag o pigilan ang karapatan ng mga tao na bumuo ng asembliya at petisyon sa gobyerno laban sa mga hinaing at pang-aabuso."

Upang maintindihang mabuti ang artikulo, alamin ang mga kahulugan ng ilang mga salita:

Ang *abridging* ay pagbabawas; ang *redress* ay itama; ang *grievance* ay hinaing laban sa pang-aabuso at mali.

Para sa akin, ang ibig sabihin ng mga ito ay ______________________________

Sa isang demokratikong lipunan, ang boses ng tao ang siyang mahalaga. Malayang naipahahayag ng mga tao ang kanilang naisin at opinyon, higit sa lahat, ang kanilang damdamin ukol sa mga isyu na may kinalaman sa kanilang buhay. Ang demokrasya ay isang uri ng pamahalaan na binibigyang-halaga ang partisipasyon ng mga tao. May karapatan ang mga tao na ipahayag ang kanilang saloobin kung sakali mang hindi na sila nasisiyahan sa pamamalakad ng gobyerno.

Gaya ng unang nabanggit, isang paraan ng pagpapahayag ang kilos-protesta. Karaniwang nangyayari ang kilos-protesta kung nais ng mga tao na magkaroon ng pagbabago at maibigay ang kanilang mga kahilingan. Ito ay paraan upang makuha ang atensyon ng publiko at upang maipahayag ng grupo na nagpoprotesta ang kanilang mga saloobin at kahilingan. Kung mas maraming tao ang makikilahok sa kilos-protesta, mas magiging malakas ang boses upang pakinggan ng mga kinauukulan ang hinaing ng mga tao.

Matututuhan mo ang iba't ibang klase ng protesta sa mga susunod pang aralin sa modyul na ito.

## Subukin Mo ang Iyong Natutuhan

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit nagkakaroon ng mga kilos-protesta?

2. Tamang paraan ba ang kilos-protesta upang ipahayag ang saloobin ukol sa mga isyu? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa mga pahina 36 at 37.



## Tandaan Natin

1. Karaniwang nagsasama-sama ang mga tao upang maglunsad ng kilos-protesta kapag nararamdaman nila na kailangan na ng pagbabago o kapag nilalabag na ang kanilang karapatan. Ang kilos-protesta ay isang paraan ng pagpapahayag sa publiko ng hinaing, saloobin, o ideya tungkol sa isang ipinaglalaban, maging ito man ay laban sa isang tao o grupo ng mga tao.

2. Sa kabuuan, nagkakaroon ng kilos-protesta dahil sa sumusunod na mga kadahilanan:

    - Paglabag sa karapatan
    - Pagpigil sa kalayaan
    - Kagustuhan ng pagbabago
    - Pagpapahayag ng saloobin, paniniwala, o opinyon
    - Pangangailangan ng suporta sa isang global na isyu

### ARALIN 2

# Lumaban Ka sa Mapayapang Paraan

Sa nakaraang aralin, nalaman mo kung bakit nagkakaroon ng kilos-protesta.

Kahit bahagi ng karapatan sa pagpapahayag ang paglulunsad ng kilos-protesta, hindi naman nangangahulugan na ang protesta ay kinakailangan pang umabot sa magulong paraan upang makuha lamang ang naisin. Mahalagang tandaan na may mas makabuluhang resulta ang tahimik at mapayapang protesta kaysa magulo at madugong protesta. Iba't ibang kasaysayan sa mundo ang nagpapatotoo nito.

Sa araling ito, matututuhan mo ang iba't ibang paraan o klase ng kilos-protesta, mapayapa man o magulo.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang:

- ♦ Nakikilala mo ang iba't ibang klase o uri ng kilos-protesta; at
- ♦ Naipaliliwanag ang kahalagahan ng mapayapang paglulunsad ng protesta upang marinig ang hinaing at boses ng naglulunsad nito.



## Subukin Mo Ito

A. Paghambingin ang mga larawan.

1. Anong kaibahan ang iyong nakikita sa dalawang larawan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



**Magulong kilos-protesta**



**Mapayapang kilos-protesta**

2. Ano ang pagkakapareho ng mga ito?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

B. Balik-aralan ang mga sitwasyon sa mga pahina 4 – 6 sa unang aralin. Kilalanin ang uri ng mga kilos-protestang inilunsad ng iba't ibang grupo. Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

1. Sitwasyon 1: ________________________________
2. Sitwasyon 2: ________________________________
3. Sitwasyon 3: ________________________________
4. Sitwasyon 4: ________________________________
5. Sitwasyon 5: ________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa pahina 37.

C. Mapayapa ba o magulo ang naging paglulunsad ng mga grupo sa bawat sitwasyong nabanggit? ________ Oo ________ Hindi

Bakit mo ito nasabi?

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Walang mali o tamang sagot dito. Maaari mo pa ring ihambing ang iyong sagot sa sagot na nakalahad sa susunod na pahina upang maitaguyod ang iyong pag-aaral sa araling ito.

Ang uri ng protestang inilunsad ng mga grupo ng tao na nabanggit sa mga pahina 4– 6 ay mapayapang protesta. Ang mga magsasaka, estudyante, manggagawa, at drayber ng dyipni ay sumama sa mobilisasyon upang ang kanilang boses ay mapakinggan. Ginawa nila ito dahil kinikilala nila at ipinaglalaban ang kanilang mga karapatan. Karapatan nilang magsama-sama upang hamunin ang gobyerno, ang mga may-ari ng kompanya, at mga may-ari ng lupang sinasaka. Ipinahayag nila ang kanilang protesta sa pamamagitan ng kanilang tapang at ng pagdadala ng plakard at bandila, at hindi baril, bato, at pamalo. Nagsama-sama sila hindi upang magtanim ng galit at manakit, bagkus ay upang marinig ang kanilang mga hinaing at kahilingan, at mabigyan ang mga ito ng kaukulang aksyon.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito


### Mapayapang Paglulunsad ng Kilos-Protesta

Halos araw-araw ay nagkakaroon ng mapayapang kilos-protesta sa iba't ibang panig ng mundo. Ang paraang ito ay ginagamit upang maipahayag ang mga ipinaglalaban ng iba't ibang tao sa buong mundo. Ang protesta ay maaaring sa pamamagitan ng isang simpleng pagsulat sa pahayagan at paglalahad ng opinyon, o isang pagkilos ng marami gaya ng pagkakaroon ng *rally* o demonstrasyon. Ang huling nabanggit ay pagpapahayag ng saloobin sa publiko at paggising sa publiko upang malaman ang mga pangyayari na dapat aksyunan.


Basahin ang komik istrip upang maunawaan mo nang husto ang mapayapang paraan ng kilos-protesta.

Isang araw sa tindahan ni Aling Lucring . . . .




Tama ka, Manda. Ayon sa Labor Code, kung natapos na ng isang *probationary* na empleyado ang *probationary period* nito, halimbawa ng anim na buwan, maaari na siyang maging regular o di kaya'y maalis sa pinapasukan niya. Hindi sinasabi sa batas na maaaring i-*extend* ang *probationary period*.
Ibig mong sabihin, nilalabag ng Shopmart ang batas? Kaya naman pala nagpo-protesta ang mga empleyado nito!


Hindi lang iyan, Manda. Iba't ibang grupo ng manggagawa ang nakilahok na rin sa strike ng mga empleyado ng Shopmart. Hinihikayat nila ang publiko na iboykot ang mga produkto ng Shopmart.
Ano naman ang mangyayari kung iboboykot ang mga produkto ng Shopmart?






## Subukin Mo Ito

Sagutin ang sumusunod na mga tanong batay sa komik istrip na iyong nabasa.

1. Anong uri ng kilos-protesta ang inilunsad ng mga manggagawa ng Shopmart?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano ang dahilan ng pagsasagawa ng strike ng mga empleyado?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Sa iyong palagay, tama ba ang kanilang ipinaglalaban? Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Susuportahan mo ba ang ipinaglalaban ng mga empleyado ng Shopmart? Kung oo, paano?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

5. Sa iyong palagay, isang mapayapang paraan ba ng kilos-protesta ang inilunsad ng mga empleyado ng Shopmart?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa pahina 37.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Nabasa mo ang tungkol sa strike at boykot. Ang mga ito ay mga uri ng mapayapa o tahimik na kilos-protesta. Magbasa ka pa upang malaman ang iba pang uri ng mapayapang protesta.

***General strike*** – Ito ay isang uri ng protesta kung saan humihinto sa trabaho ang mga manggagawa sa mga industriya ng bansa. Ito ay ginagawa upang maparalisa ang industriya at makamit ang mga nilalayon ng mga naglulunsad ng kilos-protesta. Halimbawa nito ay ang Shopmart strike. Hindi nagtrabaho ang mga empleyado ng ilang araw para maparalisa ang industriya. Dahil dito, lumiit ang kita ng Shopmart. Magtutulak ito sa mga namumuno ng Shopmart na ibigay ang kahilingan ng mga manggagawa upang sila'y makumbinsing bumalik sa trabaho.

Ang ibang strike ay simboliko at tumatagal lamang ng isang oras. Layon ng mga nagsasagawa nito na maiparating lamang ang kanilang opinyon, o takutin ang kinauukulan na ibigay ang kanilang mga hinihiling.

***Picketing*** – Halos kapareho ng strike ay ang **piketing** o ***picketing.*** Ito ay karaniwang ginagawa ng mga manggagawa sa pabrika upang pilitin ang mga namamahala na ibigay ang kanilang hinihiling. Lumalagi sa labas ng kompanya ang mga kasaling manggagawa upang mapigilan na rin ang iba pa nilang kasamahan na pumasok sa trabaho. Hinihikayat nila ang kanilang mga kasamahan na sumama sa piket.

Tingnan ang larawan sa susunod na pahina upang malaman kung paano isinasagawa ang piket.




***Boycott/Boykot*** **–** Ito ay panlipunan, pangkabuhayan, at politikal na pag-aaklas. Ang mga taong gumagawa nito ay nagpapakita ng kanilang hindi pagsang-ayon sa mga gawaing may kinalaman sa mga aspektong nabanggit. Halimbawa ay ang hindi pagboto tuwing may eleksyon. Ginagawa nila ito dahil naniniwala silang sayang lamang ang kanilang magiging partisipasyon.

Ang iba pang uri ng mapayapang protesta ay *civil disobedience*, *people power* o *civilian insurrection*, *hunger strike,* at *lobbying*.

Kilala mo ba si Mahatma Gandhi? Alam mo ba na siya ang nagpasimuno ng mapayapang kilos-protesta sa pamamagitan ng *civil disobedience*?

Marami ka pang malalaman tungkol sa kanya at sa kahulugan ng *civil disobedience* sa pagbabasa mo ng kwento sa susunod na pahina.

## Pagtatanggol sa Kalayaan sa Pamamagitan ng *Civil Disobedience*




1920: Nasa ilalim ng pamamahala ng Britanya ang India kaya sinusunod nito ang mga batas at regulasyon ng pamahalaang Britanya. Maraming Indian ang naghangad ng kalayaan. Sa pangunguna ni Mahatma Gandhi, ay nagprotesta ang mga Indian laban sa pamahalaang Britanya. Ginawa nila ito sa pamamagitan ng *civil disobedience*.

Nagpadala ng liham si Gandhi sa kinauukulan bago niya sinimulan ang *civil disobedience*. Ipinarating niya sa awtoridad na hihimukin niya ang mga tao na magprotesta sa pamamagitan ng *civil disobedience*. Nais niyang malaman ng gobyerno ang kamalian nito at palayain ang India.





Winalang-bahala ng kinauukulan ang liham ni Gandhi at inakusahan siyang lumalabag sa batas, at bunga nito ay maaari siyang ipahuli.


Si Gandhi at ang 75 niyang tagasunod ay nagmartsa sa loob ng 24 araw. Sila ay mainit na tinanggap sa bayan. Kinausap ni Gandhi ang mga tao tungkol sa kanyang mga balakin. Noong Abril 5, 1930 ay narating niya ang dagat. Pumulot siya ng asin sa pampang, at ito ang naging hudyat ng kanyang paglabag o pagtalikod sa batas.



Bilang pagsunod sa inilunsad na *civil disobedience*, tinutulan ng mga Indian ang *British Salt Act*, isang batas na nag-uutos sa mga Indian na bumili ng asin mula sa pamahalaan lamang ng Britanya. Itinuturing na isang krimen ang pagbili ng asin sa iba. Labag din sa batas ang gumawa ng asin. Sinimulan ni Gandhi na tuligsain ang batas na ito bilang simbolo ng kanyang protesta. Paraan na rin ito upang hilingin sa gobyerno ng Britanya na sila ay bigyan ng kalayaan.



Sinimulan ng mga Indian ang paggawa ng sarili nilang asin bilang simula ng mapayapang kilos-protesta.




Sa loob ng isang buwan, mahigit-kumulang 60 katao ang inaresto, kabilang si Gandhi.



Ngunit hindi nito napigilan ang pagpoprotesta ng mga tao. Nilusob ng mga tao ang Dharasana Salt Work na napaliligiran ng 400 bantay at napalilibutan ng *barbed wire*. Nang papalapit na sila, sinimulang atakihin sila ng mga bantay sa pamamagitan ng pagpukpok sa kanila ng batuta.





Mahigit sa 300 katao ang nasaktan at nasugatan; dalawang tao ang namatay. Wala ni isa man sa mga nagpoprotestang Indian ang lumaban upang ipagtanggol ang kanyang sarili.

Ang pangyayaring ito ay nagdulot ng kahihiyan sa pamahalaang Britanya. Natawag nito ang pansin ng mga karatig-bansa. Pagkalipas ng ilang taon, ibinigay na rin ng pamahalaang Briton ang kalayaang hinihiling ng mga Indian.



## Subukin Mo Ito

A. Sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang sagot sa mga patlang.

1. Ano ang pinakamahalagang kaisipang isinasaad sa kwento?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Batay sa binasa mong kwento, ano ang iyong ideya ng *civil disobedience*?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Ano ang sinisimbolo ng *civil disobedience* na pinangunahan ni Gandhi? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

B. Makikilala mo ba ang mga pangyayaring nakalarawan sa ibaba? Ano ang naaalala mo tungkol sa mga ito? Mayroon bang boykot, welgang-bayan, o mga *rally*? Ilarawan ang mga pangyayari.



**EDSA I**




**EDSA II**

1. EDSA I

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. EDSA II

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

A. Ihambing ang iyong mga sagot sa ibaba.

1. Ang mapayapang paglulunsad ng kilos-protesta ay epektibo, hindi ba? Napagtagumpayan ng mga Indian na makamit ang kanilang kalayaan sa pamamagitan ng mapayapang *civil disobedience* at hindi sa marahas na pag-aaklas.

2. Ang ***civil disobedience*** ay ang mapayapa at kusang paglabag sa partikular na batas, regulasyon, at kautusan. Para sa iba, hindi na nila sinusunod ang partikular na batas dahil ito ay imoral at hindi makatarungan.

3. Sinisimbolo ng *civil disobedience* sa India ang pagnanais ng mga mamamayang Indian na makamit ang kalayaan o pagsasarili (*independence*) ng kanilang bansa. Sinadya nilang labagin ang *Salt Law* upang maipakita sa pamahalaang Britanya na kaya nilang magdesisyon para sa kanilang sarili. Nangangahulugan na hindi na nila nais sundin pa ang iba pang mga kautusan ng pamahalaang Britanya.

B. Nakamit natin ang kalayaan mula sa rehimeng Marcos at sa itinuturing na tiwaling administrasyong Estrada sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan.

1. Noong People Power I, nagkaisa ang mga tao na patalsikin ang dating Pangulong Marcos. Maraming Pilipino ang naging biktima ng *martial law*—ang sinumang tumuligsa sa pangulo noon ay nakukulong o di kaya ay pinapatay. Isa sa matatapang na Pilipino na tumuligsa ay si Benigno Aquino. Ang kanyang kamatayan ang siyang nagbunsod sa mga Pilipino na ipaglaban ang kalayaan laban sa pamahalaang Marcos. Si Cory Aquino, ang maybahay ni Benigno Aquino, ang siyang nagsilbing ilaw na nagbigay-liwanag sa pagtatanggol ng demokrasya.

   Nagtipun-tipon ang mga tao sa EDSA upang ipagtanggol ang kalayaan, sa kabila ng banta na sila'y maaaring magbuwis ng buhay. Nagkaroon ng demonstrasyon. Ang mga Pilipino mula sa iba't ibang sektor ng lipunan—estudyante, manggagawa, pari, madre, pulitiko, kawani ng tanggapan, maybahay—lahat sila ay nagsama-sama at nagkaisa.

2. Ganito rin ang nangyari sa EDSA People Power II. Nagkaisa ang mga Pilipino upang ipagtanggol ang bansa laban sa inaakusahang pagnanakaw ng rehimeng Estrada. Naipakitang muli ng mga Pilipino sa buong mundo na may demokrasya sa Pilipinas at mas makapangyarihan ang mga tao kaysa mga namumuno.

   Parehong naging matagumpay ang EDSA I at EDSA II sa pagpapaalis ng mga lider na ugat pa ng pang-aabuso at pagnanakaw. Nangyari ang mga pagkilos na ito na walang dumanak na dugo at karahasan.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Isang uri ng mapayapang kilos-protesta ang naipakita sa EDSA I at EDSA II. Ito ay tinatawag na *civilian insurrection* o demonstrasyon ng mga tao (*people power demonstration*).

Ang ***civilian insurrection*** ay isang mapayapa o matahimik na kilos-protesta laban sa diktaturya. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagsasama- sama ng lahat ng uri ng mga manggagawa at pagliban sa kanilang trabaho upang magkaroon ng pagbaba sa ekonomiya, at malawakang *political noncooperation*. Kabilang sa *political noncooperation* ang pag-aksyon o di-pag-aksyon ng mga empleyado ng gobyerno at pagtalikod ng mga militar at pulis sa administrasyon.

Alam mo ba na si Mahatma Gandhi at si Benigno Aquino ay parehong nag-*hunger strike* habang nasa kulungan upang ipakita sa gobyerno (Briton at Marcos) na matatag sila sa kanilang ipinaglalaban. Ginawa nila ito sa pag-aakalang mapalalambot na rin ang puso ng mga nasa gobyerno at ipagkaloob ang kanilang hinaing—ang kalayaan.

Ang ***hunger strike*** ay pag-ayaw sa anumang makakain o kusang pagkagutom, upang maiparating sa gobyerno ang marubdob na hangaring magkaroon ng kalayaan.

Isa pang uri ng mapayapang kilos-protesta ay ang ***lobbying.*** Ito naman ay ginagawa sa pamamagitan ng kampanya upang maimpluwensyahan ang pamahalaan, politiko, mambabatas, at iba pa na pumanig sa ipinaglalaban at adhikain ng mga *lobbyist.* Naglulunsad sila ng *signature campaign* at gumagamit ng islogan, upang makuha ang suporta ng mga tao. Kung mas maraming pirma ang kanilang makalap, mas maiimpluwensyahan ang gobyerno na bigyang-pansin ang kanilang ipinaglalaban. Ang pagrarali at pagmamartsa ay ginagawa upang makaimpluwensya ng opinyon ng publiko at maipakita ang sentimyento ng tao sa pagsuporta sa isang adhikain.



## Subukin Mo Ito

Kilalanin ang uri ng kilos-protesta na ginagamit sa mga sumusunod. May higit sa isang sagot sa bawat sitwasyon.

1. Noong 1986, tatlong taon matapos mapatay si Benigno Aquino, ay nagsimula ang demonstrasyon ng mga tao. Tumagal ito ng mga apat na araw ng mapayapang protesta na nagpatalsik sa gobyernong Marcos.

2. Ang grupo ng mga pari at madre ay nanguna naman sa kilos-protesta na sinimulan sa lansangan ng Ortigas. Sila'y nagdasal at umawit ng mga kantang panrelihiyon.

3. Para iprotesta naman ang bagong batas ukol sa buwis, may mga grupo ng nagpoprotesta ang hindi nagbayad ng kanilang buwis sa loob ng dalawang taon.

4. Nagpunta ang mga magsasaka mula sa Bukidnon sa harapan ng tanggapan ng Kagawaran ng Repormang Panlupa (*Department of Agrarian Reform*) upang iprotesta ang repormang pang-agraryo. May ilang araw din silang lumagi roon at hindi kumain.

5. Noong 1999, ang mga empleyado ng Cardams Shoe Factory ay nagprotesta laban sa mga namumuno ng kompanya. Nanatili ang mga nagpoprotesta sa harapan ng kompanya at hinikayat ang iba pang manggagawa na sumama na sa kanila. Hiniling nila sa publiko na huwag nang suportahan ang produktong sapatos ng kompanya.

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa pahina 38.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

Narito ang mga bahagi ng ilan sa mga nalathalang artikulo tungkol sa marahas na paglulunsad ng protesta. Basahing mabuti ang mga ito at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

### Riot sa SM

May 500 empleyado ng SM at ilang sumusuporta rito ang nagtangkang bumuo ng *picket line* sa harap ng SM Annex sa North EDSA ngunit sila ay marahas na itinaboy ng puwersa ng namamahala.

May pitong nasaktan at nasugatan matapos hilingin ng isang di-nagpakilalang namumuno ng SM na sila'y paluin at itaboy.

### Patuloy ang Gulo sa Mindanao

Patuloy ang hidwaan ng mga rebeldeng Moro at puwersa ng pamahalaan sa gitna ng pagsusumikap ng gobyerno na mapanatili ang kapayapaan sa Mindanao.

Hinihiling ng mga rebeldeng Moro na tuparin ng gobyerno ang mga pangako nito sa Mindanao, gaya ng pagkakaloob ng *autonomous region* at pagpapasimula ng proyektong pangkaunlaran sa mga probinsiya.



## Subukin Mo Ito

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Sa unang artikulo, bakit naging marahas ang naging resulta ng protesta?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Sa ikalawang artikulo, bakit nagrebelde ang mga Moro laban sa gobyerno?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa sumusunod na mga halimbawang kasagutan.

1. Sa unang artikulo, naging marahas ang protesta dahil marahas na itinaboy ng mga guwardiya ang mga nagpoprotesta.

2. Sa ikalawang artikulo, nagrebelde ang mga Moro laban sa gobyerno dahil naiinip na sila sa pagpapatupad ng gobyerno ng mga ipinangako nito para sa Mindanao.



## Pag-aralan at Suriin Mo Ito

### Magulong Paraan ng Protesta

Ang magulong kilos-protesta ay nangyayari dahil sa kagustuhan ng ilang mga grupong nagpoprotesta na ibigay agad ang kanilang mga kahilingan. Nangyayari ito dahil nananatiling bingi ang gobyerno o kompanya sa kanilang mga hinaing. Kalimitan naman, ang magulo o marahas na protesta ang pinakahuling maaaring mangyari. Kapag nagiging desperado na ang ilang grupo dahil walang nangyayari sa kanilang kahilingan, ito ay nagreresulta sa marahas na paraan.

Ilan sa mga magulong paraan ng kilos-protesta ay:

***Coup d' etat* o Kudeta** – Ito ay biglaang pagkilos upang patalsikin ang namumuno sa pamahalaan na ginagamitan ng puwersa o dahas. Karaniwang may aksyong militar kapag ito ay nangyayari.

***Rebellion* o Rebelyon** – Ito ay ang paglaban sa awtoridad na ginagamitan ng puwersa at pinangungunahan ng isang ordinaryong tao o kaya'y miyembro ng militar.

***Riot*** – Ito naman ay ang maingay na protesta ng malalaking grupo. Maaaring magsimula ito na tahimik at mapayapang protesta at nagiging maingay at magulo kapag hindi pinansin ang karaingan ng mga grupong naglulunsad nito.

Napakalaki ng posibilidad na maging magulo kapag nagpoprotesta ang mga tao laban sa awtoridad, lalo na kapag may bantang pananakit mula sa mga armadong grupo. Ngunit posible ring mapanatiling tahimik at mapayapa ang protesta kung ang mga grupong naglulunsad nito ay hindi hahamunin at pagbabantaan ng pananakit. Nagpo-protesta ang mga tao dahil may nakikita silang mali sa sistema at kailangan ng pagbabago. Walang sinuman ang maghahangad na itama ang isang bagay sa salungat at baluktot na paraan.



## Tandaan Natin

1. Ang mapayapang kilos-protesta ay inilulunsad sa iba't ibang bansa dahil ito ay mas epektibong paraan upang makakuha ng suporta mula sa karamihan.

2. Ilan sa mga mapayapang paraan o uri ng kilos-protesta ay ang:

   - *Picketing*
   - *Civil disobedience*
   - *Civilian insurrection o people power*
   - *General strike*
   - *Boycott*
   - *Hunger strike*
   - *Lobbying*

3. Ang isang mapayapang paglulunsad ay magiging magulo at marahas kapag ang mga grupo ng nagpoprotesta ay hahamunin at pagbabantaan ng dahas.

4. Nangyayari naman ang marahas na mga paraan ng kilos-protesta gaya ng kudeta at rebelyon kapag ang hinaing ng mga tao ay patuloy na binabale-wala ng mga kinauukulan.

## Subukin Mo ang Iyong Natutuhan

A. Magbigay ng tatlong uri ng kilos-protesta at ilarawan ang bawat isa.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

B. Kung ikaw ang maglulunsad ng kilos-protesta, mapayapang paraan ba ito o marahas? Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________________________


______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa mga pahina 38 at 39.

Binabati kita! Ito na ang katapusan ng modyul. Nasa ibaba at sa kabilang pahina ang mahahalagang puntos sa modyul na ito na dapat mong tandaan.



## Ibuod Natin

♦ Nagsasagawa ng kilos-protesta ang mga tao kapag nilalabag na ang kanilang mga karapatan, isinasawalang-bahala ang kanilang mga kahilingan, o kailangan nilang ipaglaban ang isang bagay.

♦ Ginagamit ang kilos-protesta upang ipakita ang saloobin ng mga tao o grupo ng mga tao.

♦ Ginagamit din ang kilos-protesta upang humiling ng pagbabago sa mga kinauukulan.

♦ Tayo ay may karapatang magprotesta dahil karapatan nating iparating ang ating mga ideya, opinyon, at saloobin, at magsama-sama upang ang ating boses ay marinig.

♦ Ang kilos-protesta ay may dalawang uri: mapayapang paglulunsad at magulong paglulunsad.

♦ Ang mapayapa o matahimik na kilos-protesta ay epektibong paraan upang maiparating ng mga tao ang kanilang kahilingan o saloobin.

- Kabilang sa tinatawag na mapayapang paglulunsad ng kilos-protesta ang *strike*, *boycott*, *civil disobedience*, *civilian insurrection*, *lobbying*, at *picketing*.
- Kabilang naman sa magulong kilos-protesta ang kudeta, *riot*, at rebelyon.
- Nangyayari ang magulong protesta kapag nanatiling bingi ang mga kinauukulan sa kabila ng marubdob na hangarin ng mga tao na magkaroon ng pagbabago.



## GAANO ANG NATUTUHAN MO

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit naglulunsad ng kilos-protesta ang mga tao?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Bakit mas mabuting magkaroon ng mapayapa at matahimik na kilos-protesta?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Ano ang magtutulak o magbubunsod sa iyo upang ikaw ay makilahok sa isang kilos-protesta? Ano ang iyong mga isasaalang-alang bago sumuporta o lumahok dito?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa batayan sa pagwawasto sa pahina 39.

## Batayan sa Pagwawasto

**MGA KAALAMANG MAAARING ALAM MO NA** *(pahina 2)*

1. **Di sumasang-ayon**. Sa isang demokratikong lipunan, ang mga tao ay may karapatang maglunsad ng kilos-protesta dahil ito ay isang paraan ng paggamit ng karapatan sa pagpapahayag.

2. **Di sumasang-ayon**. Maaaring maging matahimik at mapayapa ang isang kilos-protesta.

3. **Di sumasang-ayon**. Sa pamamagitan ng kilos-protesta nabubuksan ang kamalayan ng publiko at gobyerno ukol sa mga importanteng isyu na kailangang ilahad. Walang layuning manakit o puminsala ang mga grupong naglulunsad ng kilos-protesta.

4. **Di sumasang-ayon.** Ang bawat isa ay may karapatang ipahayag at ipaglaban ang kanyang mga paniniwala at opinyon.

5. **Sumasang-ayon**. Ang kilos-protesta ay isang paraan upang marinig ang boses ng mga tao.

6. **Sumasang-ayon.** Naipakikita ang sentimyento o karaingan ng mga tao sa pamamagitan ng kilos-protesta. Nagpoprotesta ang mga tao dahil nais nilang magkaroon ng pagbabago. Halimbawang naging bingi ang gobyerno sa mga hinihiling ng mga tao, maaaring maglunsad ng malawakang pagkilos ang mga tao upang makamit nila ang kanilang mga hinihiling.

7. **Sumasang-ayon.** Ang kilos-protesta ay isa ring paraan upang maipahayag ang sariling opinyon at paniniwala. Ang Pilipinas ay isang demokratikong bansa, kaya ang mga Pilipino ay may karapatang ipahayag nang malaya ang kanilang mga saloobin.

8. **Di sumasang-ayon**. Ipinakikita sa kasaysayan na mas matagumpay ang kilos-protesta na inilunsad sa matahimik at mapayapang paraan. Hindi lang simpatiya ng publiko ang nakukuha ng matahimik na protesta, bagkus ay ang atensyon at simpatiya ng daigdig.
   Kung mas maraming tao ang makikilahok sa pagkilos, mas malaki ang posibilidad na mapagtagumpayan nila ang kanilang layon. Maaaring mapalambot ng kilos-protesta ang matigas na pagsasawalang-bahala ng isang gobyerno o pamahalaan.

9. **Parehong Sumasang-ayon at Di sumasang-ayon**. Magiging aktibo sa panlipunan at pampulitika na aspekto ang isang tao kung siya ay aktibong nakikilahok o sumusuporta sa mga taong nagnanais na magkaroon ng mabuting pamamahala. Ito ay hindi magagawa lamang sa pamamagitan ng pagdalo o pakikilahok sa mga kilos-protesta. Ang suporta ay maaaring isang panalangin, pagsulat sa kinauukulan, pagpapakalat ng impormasyon, at iba pa. Kung sa tingin naman ng isang tao ay mas malaking bahagi ang kailangan niyang ibigay bilang suporta, siya ay malayang sumali o makilahok sa mga kilos-protesta.

10. **Sumasang-ayon**. Ang kilos-protesta ay isang paraan upang ipaalam sa publiko o iparating sa kanilang kamalayan ang mga isyu na kailangang isaalang-alang.

## Aralin 1 Ang Kahalagahan ng Pagpoprotesta

***Subukin Mo Ito** (pp. 10–11)*

1. **Karapatan sa malayang pagpapahayag.** Ang bawat isa ay may kalayaang sabihin kung ano ang kanyang saloobin o opinyon.

2. **Pantay-pantay na karapatan *(equality*).** Ang lahat ng tao ay may karapatang mabigyan ng pantay-pantay na oportunidad kahit ano pa ang kanyang lahi, relihiyon, at kulay.

3. **Karapatan sa relihiyon.** Ang bawat isa ay may karapatang sumanib sa relihiyong kanyang pinaniniwalaan.

***Subukin Mo Ito** (pahina 14)*

1. Iba-iba ang sagot dito. Mahalagang malaman ang mga global na isyu at kung anong klase ng mapayapang pagkilos ang inilunsad. Sabihin kung ang kilos-protesta ay nakakakuha ng suporta mula sa mga tao .

2. Ang mapayapang kilos-protesta ay epektibo upang makamit ang atensyon at suporta ng mga tao sa mga isyu gaya ng AIDS, pagkasira ng kapaligiran, isyung pangnukleyar, at *gender equality.* Kung mananatiling tahimik ang mga tao sa ganitong mga isyu, hindi magkakaroon ng solusyon ang mga nabanggit na problema.

***Subukin Mo ang Iyong Natutuhan** (pp. 15–16)*

1. Nangyayari ang mga kilos-protesta dahil nais ng mga tao na sila ay mapakinggan. Ito ay direktang manipestasyon ng kagustuhan ng mga taong magkaroon ng pagbabago sa sistema. Resulta ito ng pagbabale-wala sa karapatang pantao. Ang kilos-protesta ay ginagawang paraan ng mga tao o grupo ng mga tao sa buong mundo upang hamunin ang gobyerno, institusyon, patakaran, o mga may-ari ng kompanya na nagbibigay ng di-makatarungang polisiya at regulasyon o sistema.

2. Oo. Ang kilos-protesta ay isang tamang paraan upang maipahayag ang isang opinyon o paniniwala. Gayunpaman, mas mabuting maging matahimik at mapayapa ang protesta kung maaari. Ang kilos-protesta ay pagsasalarawan ng mga saloobin at pagsasaalang-alang ng mga tao sa kanilang karapatan at kahilingang pagbabago.

## Aralin 2   Lumaban Ka sa Mapayapang Paraan

***Subukin Mo Ito*** *(pp. 17–18)*

A. 1. Ang kaibahan ng dalawang ilustrasyon ay tahimik at payapa ang kilos protesta sa isang larawan, samantalang marahas naman ang paglulunsad nito sa kabilang larawan.

2. Ang pagkakapareho ng dalawang ilustrasyon ay parehong ipinakikita ng mga ito ang pakikipaglaban ng mga tao para sa kanilang karapatan at pagtatanggol sa kanilang kalayaan.

B. 1. *lobbying at hunger strike*

2. *strike*

3. *work stoppage at transportation strike*

4. *lobbying*

5. *rallies, protest march*

***Subukin Mo Ito*** *(pp. 21–22)*

1. Ang uri ng protesta na inilunsad ng mga empleyado ng Shopmart ay *strike* at *boycott*.

2. Nagkaroon ng kilos-protesta ang mga empleyado ng Shopmart dahil sa maling pamamalakad ng mga awtoridad ng Shopmart, tulad ng hindi pagbibigay ng karampatang suweldo sa mga empleyado at pagpapahaba ng kanilang *probationary period.*

3. Oo. Tama lang na hilingin ng mga empleyado ng Shopmart sa awtoridad na sila ay bayaran sa tamang panahon at ibigay ang kanilang karampatang sahod.

4. Oo. Susuportahan ko ang *strike* ng mga empleyado ng Shopmart. Hindi ko tatangkilikin ang produkto ng Shopmart.

5. Oo. Nagkaroon ng mapayapang kilos-protesta ang mga empleyado ng Shopmart. Ipinaglaban lamang nila ang kanilang karapatan at wala silang intensyon na makasakit ng iba.

***Subukin Mo Ito** (pp. 29-30)*

1. *Civilian Insurrection.* Ipinakita ng mga tao ang kanilang pagtutol sa diktaduryang Marcos o sa pamamagitan ng demonstrasyon. Ito ay naging isang rebolusyon sa EDSA, na nagpatalsik sa rehimeng Marcos.

2. *Rallies.* Ipinakita ng mga tao, lalo na ng mga pari at madre, ang kanilang protesta sa pamamagitan ng pag-awit at pagdarasal. Ito ay tinatawag na *prayer rallies*.

3. *Civil Disobedience*. Bilang tanda ng protesta, hindi nagbayad ng buwis ang mga tao. Kung mas maraming tao ang gagawa nito, magiging malala ang kondisyon ng lipunan. Kaya walang magagawa ang awtoridad, kundi ibigay ang kahilingan ng mga tao.

4. *Hunger Strike*. Boluntaryong nagkaroon ng *hunger strike* ang mga magsasaka upang ipakita na handa silang mamatay para sa kanilang ipinaglalaban.

5. *Strike, Picketing, at Boycott.* Nagsagawa ng strike ang mga empleyado ng Cardams upang mawakasan na ang hindi makatarungang pamamalakad ng kompanya. Hinikayat din nila ang ibang empleyado na lumahok sa ginagawa nilang protesta, at iboykot ang mga produkto ng Cardams. Sa ganitong mga paraan, mapipilitan ang awtoridad na ibigay ang kanilang mga kahilingan.

***Subukin Mo ang Iyong Natutuhan** (pahina 33)*

A. Mga halimbawang sagot:

   1. *Civil Disobedience*—sinasadyang paglabag sa mga batas na itinakda.

   2. *General Strike*—paghinto sa trabaho ng mga manggagawa upang maparalisa ang industriya at makamit ang nilalayon ng mga nagpoprotesta.

   3. *Hunger Strike*—pagliban sa pagkain o sinasadyang pagkagutom upang mapilitan ang mga kinauukulan na ibigay ang mga hinihiling ng mga nagpoprotesta.

   4. *Rallies and Marches*—pagsasama-sama ng mga tao at pagmamartsa upang maipakita ang kanilang pinagsama-samang lakas at boses.

   5. *Lobbyin*g—pangangampanya upang maimpluwensyahan ang mga pulitiko o ibang tao na paburan ang kanilang mga adhikain o ipinaglalaban.

B. Kung ako ang magpapasimula ng isang pagkilos, mas nanaisin ko ang mapayapang paraan. Ayokong may masaktan o makasakit para lang makuha ang aking nilalayon. Higit pa rito, naniniwala ako na mas epektibo ang mapayapang protesta upang makamit ko ang aking naisin. Kung mas madalas ang paglulunsad ng protesta, mas mapipilitan ang gobyerno o sinumang kinauukulan na pakinggan at ibigay ang mga layon ng mga tao.

**GAANO ANG NATUTUHAN MO** *(pahina 35)*

1. Nagkakaroon ng kilos-protesta ang mga tao dahil nais nilang iparating sa mga kinauukulan ang gusto nilang pagbabago. Halimbawa, kung mananatili tayong tahimik sa maling pamamalakad ng gobyerno, paano nito malalaman na hindi na pala mabuti ang umiiral na sistema at pamamalakad? Paano mapapabuti ang pamamahala kung walang nagrereklamo? Mananatili ang pang-aabuso ng gobyerno kung walang matatapang na lalabas at ipagsisigawan ang baluktot na sistema. Mahalagang maiparating natin sa kinauukulan ang ating boses.

2. Mas mabuti ang mapayapang paglulunsad ng protesta dahil ito ay mas epektibo. Mas maraming tao ang mahihikayat na sumama at ipaglaban ang kahilingan ng mga taong naglulunsad ng pagkilos sa matahimik na paraan.

3. Makikilahok ako sa isang protesta kung ang ipinaglalaban nito ay matuwid. Kung totoong may paglabag sa karapatang-pantao, sasama ako sa mga grupong naglalayong wakasan ito. Bago naman ako sumali, pag-aaralan kong mabuti ang mga kahilingan ng mga naglulunsad. Susuriin ko kung ang kanilang ipinaglalaban ay wasto. Maaari akong makilahok mismo sa kilos-protesta o sumuporta sa kanila. Maipakikita ko ang aking suporta sa pamamagitan ng pagpapakalat ng impormasyon ukol dito, pagsulat sa kinauukulan, at iba pa.

## TALAHULUGANAN

***Agrarian Reform* (Repormang Pang-agraryo)**. Programa na naglalayong baguhin o paunlarin ang mga batas ukol sa repormang panlupa, lalo na sa lupang sinasaka.

***Alleged***. Hinihinala.

***Boycott* (Boykot)**. Hindi pagsang-ayon sa panlipunan, pangkabuhayan, o pampulitikang gawain.

***Civil Disobedience***. Mapayapa at sinasadyang paglabag sa partikular na batas na pinaniniwalaang hindi makatarungan.

***Civil Rights***. Personal na karapatan sa ari-arian na kinikilala ng gobyerno o pamahalaan.

***Civilian Insurrection***. Mapayapang paglulunsad ng protesta laban sa diktaduryang rehimen.

***Demonstration***. Pagpapakita ng saloobin o ideya sa publiko.

***Deregulation***. Pag-alis ng lokal o pambansang kontrol o regulasyon.

***Disarmament***. Pagsuko ng mga baril at iba pang gamit-pandigma.

***Endangered***. Nanganganib na masaktan, masira, o mawala.

***Hunger Strike***. Hindi pagkain upang maipakita ang pagpoprotesta.

***Lobby***. Paghikayat ( sa isang politiko, opisyal, o grupo ng mga tao) na sumang-ayon o tumuligsa sa isang partikular na batas, pangyayari, o sitwasyon.

***Picket* (Piket)**. Paghinto sa trabaho at pagsasama-sama sa harapan ng isang establisimyento at paghikayat sa mga tao na sumali upang ipahayag ang protesta.

***Rally* (Rali)**. Pagsasama-sama ng malalaking grupo ng tao upang ipahayag ang kanilang opinyon.

***Scrap***. Pagbasura sa isang bagay.

***Sovereignty***. Pinakamataas na uri ng kapangyarihan sa isang bansa.

***Suppression***. Pagpigil na maipalabas o maipahayag ang isang bagay.

***Transportation Strike***. Uri ng protesta na ginagawa ng mga drayber upang maipahayag nila ang kanilang saloobin, na nagreresulta sa paghinto ng operasyon ng mga pampublikong sasakyan.

***Union* (unyon)**. Organisasyon ng mga manggagawa o empleyado sa isang partikular na propesyon na nangangalaga sa karapatan ng mga manggagawa, at nakikipag-usap o nakikipagtalakayan sa mga awtroridad ng kompanya ukol sa mga bagay na may kinalaman sa suweldo ng manggagawa at iba pa.

***Vigilant***. Taong laging maingat sa kanyang mga sinasabi at tinutukoy at nag-oobserba sa mga bagay-bagay sa kanyang paligid.

***Work Stoppage***. Sinasadyang pagliban sa trabaho dahil sa pakikipagtalo o di-pagbibigay ng mga kinauukulan ng tamang sahod at benepisyo sa mga manggagawa nito.



## SANGGUNIAN

*A Journalist's Brief Glossary of Nonviolent Struggle.* The Albert Einstein Institution, Cambridge.

*How Nonviolent Struggle Works.* The Albert Einstein Institution**.** <http://www.fiu.edu/-fcf/Howworks.html.> March 21, 2001, date accessed.